Republic of the Philippines
Province of Laguna
MUNICIPALITY OF SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA- 14 NG PEBRERO, 2001, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO | ................................ | Pang. Punong Bayan<br>Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | ................................ | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas | ................................ | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 067-T'2001*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG TAUNANG BADYET PARA SA TAONG ITO NG BARANGAY SAN PABLO NORTE NG BAYANG ITO NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG MILYON TATLUMPU'T ISANG LIBO, APATNARAAN LABINGSIYAM NA PISO AT LIMAMPU'T APAT NA SENTIMOS (P1,031,419.54).*

*SAPAGKA'T,* ang nabanggit na badyet ay naaayon at sumusunod sa mga patakaran ng pagbabadyet sa mga barangay;

*SAPAGKA'T,* ito ay dumaan na sa pagsusuri ng Lupon sa Pananalapi ng Pamahalaang Bayan at inirekomendang pagtibayin ng Lupon sa Pananalapi ng Kgg. Sangguniang Bayan;

SAPAGKA'T, anuman ang gawing pagbabago at paglalabas ng pondo ay pananagutan ito ng Sangguniang Barangay San Pablo Norte.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Bernardo E. Ison, Florencio C. Odejar at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na pagtibayin ang taunang badyet para sa taong ito ng Barangay San Pablo Norte ng bayang ito na nagkakahalaga ng P1,031,419.54.

*INIUUTOS* : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sang. Barangay ng San Pablo Norte, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan